

Abiso sa Pribadong Mga Kasanayan

ANG ABISONG ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AY MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT AT PAANO MO MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO. PAKI-SURIIN MULI ITO NANG MABUTI.

Ang abisong ito ay ibinigay saiyo sa ngalan ng Verity Health System.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa abisong ito, paki-tawagan ang Pribadong Opisyal sa Ospital kung saan mo natanggap ang mga serbisyo. Makakukuha ka ng pangalan ng Pribadong Opisyal sa pamamagitan ng pagtawag sa pangunahing numero ng Ospital.

SINO ANG SUSUNOD SA ABISONG ITO:

Ang abisong ito ay naglalarawan sa kasanayan ng Ospital at ng:

- Sinumang propesyonal na nangangalaga sa kalusugan na awtorisado na ilagay ang impormasyon sa iyong tsart sa Ospital.
- Lahat ng mga departamento at yunit ng Ospital.
- Sinumang miyembro ng boluntaryong grupo na pinahintulutan namin na tumulong saiyo habang nasa Ospital ka.
- Lahat ng mga kasamahan, kawani at iba pang mga tauhan ng Ospital.

ANG AMING PANGAKO TUNGKOL SA MEDIKAL NA IMPORMASYON

Nauunawaan namin na ang medikal na impormasyon tungkol saiyo at sa iyong kalusugan ay personal. Nangangako kami na poprotektahan ang medikal na impormasyon tungkol saiyo. Lilikha kami ng tala ng pangangalaga at mga serbisyo na iyong matatanggap sa Ospital. Kailangan namin ng talang ito upang magbigay saiyo ng may kalidad na pangangalaga at upang sumunod sa naaangkop na legal na kinakailangan. Ang abisong ito ay naaangkop sa lahat ng mga tala ng iyong pangangalaga na pinatatakbo ng Ospital, ito man ay ginawa ng tauhan ng Ospital o ng iyong personal na doktor. Ang iyong personal na doktor ay maaaring mayroong ibang patakaran at abiso tungkol sa paggamit ng doktor at pagsisiwalat ng iyong medikal na impormasyon na nilikha sa opisina ng doktor o sa klinika.

Ang abisong ito ay magsasabi saiyo ng tungkol sa mga pamamaraan kung saan maaaring gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyo. Inilalarawan din namin ang iyong mga karapatan at tiyak na mga obligasyon na mayroon kami tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng medikal na impormasyon.

Hinihingi saamin ng batas na:

- Tiyakin na ang medikal na impormasyon na tumutukoy saiyo ay panatilihin pribado.
- Ibigay saiyo ang abisong ito ng aming legal na tungkulin at pribadong kasanayan may kalamayan sa medikal na impormasyon tungkol saiyo.
- Sumunod sa mga termino ng abiso na kasalukuyang ipinatutupad.

PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT ISIWALAT ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO

Ang mga sumusunod na kategorya ay naglalarawan ng iba't ibang pamamaraan sa paggamit namin at pagsisiwalat ng medikal na impormasyon. Sa bawat kategorya ng paggamit o pagsisiwalat, ipaliliwanag namin kung ano ang ibig sabihin namin at magbibigay ng mga halimbawa. Hindi lahat ng paggamit o pagsisiwalat sa kategorya ay ililista. Gayunman, ang lahat ng mga paraan na pinahihintulutan kaming gamitin at isiwalat ang impormasyon ay papatak sa isa sa mga kategorya. Ang ibang mga paggamit at pagsisiwalat na hindi inilarawan sa abisong ito ay isasagawa lamang sa iyong nakasulat na pahintulot, na maaari mong bawiin sa anumang oras.

- Para sa Paggamot. Gagamitin namin ang medikal na impormasyon tungkol saiyo upang magbigay saiyo ng medikal ng panggagamot o mga serbisyo. Isisiwalat namin ang medikal na impormasyon tungkol saiyo sa mga doktor, nars, tekniko, medikal na estudyante o iba pang tauhan ng Ospital na sangkot sa pangangalaga saiyo sa Ospital. Halimbawa, ang doktor na gumagamot saiyo para sa nabaling binti ay kailangang malaman kung mayroon kang dyabetes dahil ang dyabetes ay maaaring magpabagal sa pagpapahilom. Dagdag dito, maaaring kailangan ng doktor na sabihin sa dietitian kung mayroon kang dyabetes upang maihanda namin ang wastong pagkain. Ang iba't ibang departamento sa Ospital ay maaari rin na ibahagi ang impormasyon tungkol saiyo upang pagtugmain ang iba't ibang bagay na kailangan mo tulad ng riseta, trabahong laboratoryo at x-ray. Maaari din namin na isiwalat ang medikal na impormasyong tungkol saiyo sa mga tao sa labas ng Ospital na maaring sangkot sa iyong medikal na pangangalaga pagkatapos mong lisanin ang Ospital, tulad ng home care, mga miyembro ng pamilya, pastor, o iba pa na binigyan namin ng mga serbisyo na bahagi sa pangangalaga saiyo.
- Para sa Pagbabayad. Maaari naming gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyo upang ang panggagamot at mga serbisyo na iyong matatanggap sa Ospital ay masingil at ang kabayaran ay makolekta mula saiyo, sa kompanya ng seguro o ikatlong partido. Halimbawa, maaari naming kailanganin na ibigay ang impormasyon ng iyong health plan tungkol sa operasyon na isinagawa saiyo sa Ospital upang mabayaran kami ng iyong health plan o bayaran ka para sa operasyon. Maaari din naming sabihin sa iyong health plan ang tungkol sa panggagamot na iyong tatanggapin upang makakuha ng paunang pahintulot o upang tukuyin kung sakop ng babayaran ng iyong plan ang panggagamot. Maaari naming gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyo sa ibang mga propesyonal na nangangalaga sa kalusugan na sangkot sa pangangalaga saiyo upang makuha ng mga propesyonal na ito ang kanilang kabayaran sa serbisyo na ibinigay saiyo.

- Para sa mga Operasyong Pangangalaga sa Kalusugan. Maaari naming gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyong para sa mga operasyon ng Ospital. Ang mga paggamit ang pagsisiwalat na ito ay kailangan upang patakbuhin ang Ospitalat tiyakin na ang lahat ng aming mga pasyente ay tumatanggap ng may kalidad na pangangalaga. Halimbawa, maaari naming gamitin ang medikal na impormasyon upang suriin muli ang aming panggagamot at mga serbisyo at upang tasahin ang trabaho ng aming tauhan sa pangangalaga saiyong; ilan sa mga kaugnay na departamento ng Ospitalkabilang ang Pangasiwaan ng Kalidad, Paggamit/Kaso, Pangangasiwa sa Panganib, Pagkontrol sa Impeksyon, Pagpapalano sa Paglabas, at Pantanging serbisyo. Maaari din namin na isama ang medikal na impormasyon tungkol sa maraming pasyente sa Ospitalupang mag-desisyon kung anong karagdagang mga serbisyo ang dapat ialok ng Ospital, anong mga serbisyo ang kinakailangan, at kung ang tiyak na mga bagong panggagamot man ay talagang epektibo. Maaari din naming isiwalat ang impormasyon sa mga doktor, nars, tekniko, medikal na estudyante at ibang mga tauhan ng Ospitalpara sa pagsusuring muli at pag-aaral na layunin. Maaari din naming isama ang iyong medikal na impormasyon sa medikal na impormasyon mula sa ibana mga taga-ospitalupang ikumpara kung ano ang ginagawa namin at tingnan kung paano namin mapapabuti ang pangangalaga at serbisyo na aming iniaalok. Maaari namin na tanggalin ang impormasyon na tutukoy saiyong mula sa pangkat ng medikal na impormasyong ito upang gamitin ito ng iba sa pag-aaral sa pangangalaga sa kalusugan at pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan nang hindi isinisiwalat kung sino ang mga tiyak na pasyente.
- Mga Serbisyong Kapelyan. Bilang Katolikong ministeryo sa pangangalaga sa kalusugan, ang aming Misyong ay magbigay ng pangangalaga na maasikaso sa kabuuan ng tao: katawan, kaisipan, at espiritu. Tungkol sa pangangalaga sa espirituwal mong pangangailangan, maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyong sa tanggapan ng iyong Kapelyang Serbisyo, at maaari kang bisitahin ng isa aming mga Kapelyan. Kung hindi mo gustong bisitahin ng aming mga Kapelyan, maaari mo kaming abisuhan, at igagalang ang iyong kahilingan.
- Mga Paala-ala sa Appointment Maaari naming gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon upang tawagan ka bilang paala-ala na mayroon kang appointment para sa paggamot o pangangalaga sa Ospital.
- Mga Alternatibong Panggagamot. Maaari naming gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon upang sabihin saiyong ang tungkol o irekomenda ang posibleng pagpipilian sa paggamot o mga alternatibo na magugustuhan mo.
- Mga Kaugnay Benepisyo at Serbisyong Pangkalusugan. Maaari naming gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon upang sabihin saiyong ang tungkol sa mga kaugnay na benepisyo at serbisyong pangkalusugan na magugustuhan mo.
- Mga Gawaing Paglilikom ng Pondo Maaari naming gamitin medikal na impormasyon tungkol saiyong upang tawagan ka para sa pagsusumikap na makaipon ng pondo para

sa Ospitalat operasyon nito. Maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon sa foundation kaugnay sa Ospitalupang matawagan ka ng foundation sa pangangalap ng pondo para sa Ospital. Ibibigay lamang namin ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan tulad ng iyong pangalan, address at numero ng telepono at petsa na natanggap mo ang panggagamot o serbisyo sa Ospital. Kung ayaw mo na tawagan ka ng Ospitalpara sa mga gawaing pangangalap ng pondo, maaari mo kaming abisuhan sa pamamagitan ng sulat sa Foundation ng Ospital.

- Direktoryo ng Ospital. Maaari naming isama ang tiyak na limitadong impormasyong tungkol saiyo sa direktoryo ng Ospitalhabang ikaw ay pasyente sa Ospital. Maaaring kabilang sa impormasyong ito ang iyong pangalan, lokasyon sa Ospital, ang iyong pangkalahatang kondisyon (hal., mabuti, ayos, atbp.) at ang iyong relihiyong kinabibilangan. Ang impormasyong ito ay ibibigay sa iyong pamilya, mga kaibigan at pari na bibisita saiyo sa Ospitalat karaniwang ipapaalam kung ano ang iyong kalagayan. Maliban kung may tiyak na nakasulat na kahilingan mula saiyo na kasalungat, ang impormasyon sa direktoryo, maliban sa iyong relihiyon na kinabibilangan, ay maaari din na ibigay sa mga tao na magtatanong sa iyo sa pangalan. Ang iyong kinabibilangang relihiyon ay ibibigay sa miyembro ng mga ministro, tulad ng pari o rabi, kahit hindi ka nila itanong sa pamamagitan ng iyong pangalan.
- Mga Indibidwal na Kinilala Mo na Sangkot sa Iyong Pangangalaga o Pagbabayad para sa Iyong Pangangalaga at para sa Tulong sa Salantang Pagkakataon. Maaari direkta naming ibigay ang kaugnay na medikal na impormasyong tungkol saiyo sa kaibigan o kapamilya na sangkol sa iyong pangangalagang medikal. Maaari rin namin na ibigay ang impormasyon sa sinuman na tutulong na magbayad para saiyong pangangalaga. Maliban kung may tiyak na nakasulat na kahilingan mula saiyo kasalungat nito, maaari rin naming sabihin

sa iyong pamilya o mga kaibigan ang iyong kondisyon na ikaw ay nasa Ospital. Karagdagan pa, maaari rin namin na isiwalat ang medikal na impormasyong tungkol saiyo sa mga kompanya na tumutulong sa mga gawaing pagbibigay ng tulong sa nasalanta upang ang iyong pamilya ay maabisuhan sa iyong kondisyon, kalagayan at lokasyon.

- Pagsisiyasat. Sa ilalim ng tiyak na mga pagkakataon, maaari naming gamitin at isiwalat ang iyong medikal na impormasyon para sa pagsisiyasat na layunin. Halimbawa, ang proyekto sa pagsisiyasat ay maaaring sangkot ang pagkukumpara sa kalusugan at pagpapagaling sa lahat ng pasyente na tumatanggap ng isang medikasyon sa mga yaong tumatanggap ng iba, para sa parehong kondisyon. Ang lahat ng mga proyekto, gayunman, ay sasailalim sa proseso ng espesyal na pahintulot. Susuriin ng prosesong ito ang panukalang proyekto at ang paggamit ng medikal na impormasyon nito, upang subukan na balansehin ang pangangailangan sa pagsisiyasat sa pangangailangan ng pasyente sa kapribaduhan ng kanilang medikal na impormasyon. Bago namin gamitin o isiwalat ang medikal na impormasyon para sa pananaliksik, ang proyekto ay apprubahan sa pamamagitan ng proseso sa pag-apruba ng pananaliksik na ito, ngunit maaari namin,

gayunpaman, na isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyong mga tao na naghahanda upang magsagawa ng proyektong pagsusuri, halimbawa, upang tulungan sila na hanapin ang mga pasyente na may tiyak na medikal na pangangailangan, hangga't ang medikal na impormasyon na kanilang sinusuri ay hindi maiiwan sa Ospital. Halos palagi namin na itatanong saiyong ang iyong tiyak na pahintulot kung ang pagsisiyasat ay nangangailangan na gamitin ang iyong pangalan, address o iba pang impormasyon na naglalandad saiyong, o maaaring masangkot sa pangangalaga saiyong sa Ospital.

- Bilang Hinihiling ng Batas. Isisiwalat namin ang medikal na impormasyon tungkol saiyong kung hinihiling na gawin ng pederal, estado o lokal na batas. Kabilang dito ngunit hindi limitado sa impormasyon tungkol sa diagnosis ng kanser o pangagamot sa California Department of Health Services para sa Tala ng Kanser na maaaring tumawag saiyong tungkol sa diagnosis ng kanser o humiling na makibahagi sa masusing pag-aaral na tinukoy bilang kapaki-pakinabang para sa layunin ng Pamublikong Kalusugan, pag-uulat ng tiyak na mga sakit sa Department of Health Services, tiyak na kapansanan sa panganganak sa California Birth Defects Program.
- Upang Umiwas sa Malubhang Panganib sa Kalusugan o Kaligtasan.. Maaari naming gamitin at isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyong kung kinakailangan upang maiwasan ang malubhang panganib sa iyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao. Anumang pagsisiwalat, gayunman, ay sa isang tao lamang na may kakayahan na tumulong upang masugpo ang panganib.

ESPESYAL NA MGA SITWASYON SA PAGLALABAS NG IMPORMASYON

- Donasyon ng Organ at Tisyu. Kung ikaw ay donor ng organ, maaari naming ilabas ang medikal na impormasyon sa mga organisasyon na humahawak sa organo o sa pagkuha ng organo, paglilipat ng mata o tisyu o sa bangkong donasyon ng organo, kung kinakailangan upang pangalagaan ang organo o donasyon ng tisyu o paglilipat.
- Mga Sundalo at Beterano. Kung ikaw ay miyembro ng armadong puwersa, maaari naming ilabas ang medikal na impormasyon tungkol saiyong kung kinakailangan ng awtoridad ng militar. Maaari rin na ilabas ang medikal na impormasyon tungkol sa banyagang militar na tauhan sa angkop na banyagang awtoridad ng militar.
- Sahod ng mga Manggagawa Maaari namin na ilabas ang medikal na impormasyon tungkol saiyong para sa sahod ng mga manggagawa o katulad na mga programa. Ang mga programang ito ay nagbibigay ng benepisyo para sa kaugnay na pinsala sa trabaho o pagkakasakit.

- Mga Panganib sa Pampublikong Kalusugan. Maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyong tungkol saiyong para sa mga aktibidad sa pampublikong kalusugan. Karaniwang kabilang sa mga gawaing ito ay ang mga sumusunod:
 - ◆ Upang masugpo o makontrol ang sakit, pinsala o pagkainutil
 - ◆ Upang iulat ang kapanganakan at pagkamatay
 - ◆ Upang iulat ang pang-aabuso o kapabayaang sa mga anak, matatanda at umaasang matatanda
 - ◆ Upang iulat ang reaksyon sa medikasyon o problema sa produkto
 - ◆ Upang abisuhan ang mga tao na paalalahan sa produkto na maaari nilang gamitin
 - ◆ Upang abisuhan ang tao na maaaring malantad sa sakit o maaaring mapasapanganib sa pagkuha ng kumakalat na sakit o kondisyon
 - ◆ Upang abisuhan ang angkop na awtoridad sa gobyerno kung naniniwala tayong na ang pasyente ay biktima ng pang-aabuso, kapabayaang o karahasan sa tahanan. Isisiwalat lamang namin ito kung ikaw ay sumasang-ayon o kung hinihiling o awtorisado ng batas.

- Mga Gawaing Pangangasiwa sa Kalusugan. Maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon sa mga ahensiya na nangangasiwa sa kalusugan para sa mga gawain na pinahintulutan ng batas. Kabilang sa mga gawaing pangangasiwa na ito, halimbawa, pag-awdit, imbestigasyon, inspeksyon, at pagbibigay ng lisensya. Ang mga gawaing ito ay kinakailangan para sa mabantayan ng pamahalaan ang sistema sa pangangalagang pangkalusugan, mga programa ng pamahalaan, at pagsunod sa mga batas ng karapatan bilang mamamayan.

- Mga Paghahabla at Alitan. Kung ikaw ay sangkot sa paghahabla o alitan, maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyong bilang tugong sa kautusan ng korte o administratibo. Maaari rin namin na isiwalat ang medikal na impormasyong tungkol saiyong bilang tugong sa subpena, hiling sa pagkatuklas, o iba pang mga proseso ng batas sa isang tao na sangkot sa alitan, ngunit kung ang pagsisikap ay isinagawa upang sabihin saiyong ang tungkol sa kahilingan (may kasamang nakasulat na abiso) o upang kunin ang utos na nagpoprotekta sa impormasyon na hiniling.

- Tagapagpatupad ng Batas. Maaari naming ibigay ang medikal na impormasyong, kung hiniling, ng opisyal na tagapagpatupad ng batas:
 - ◆ Bilang tugong sa hiling ng korte, subpena, mandamyento, patawag o katulad na proseso;
 - ◆ Upang tukuyin o hanapin ang suspek, pugante, materyal na saksi, o nawawalang tao;
 - ◆ Tungko sa biktima ng krimen kung, nasa ilalim ng tiyak na limitadong mga pagkakataon, hindi namin maaaring kunin ang pahintulot ng tao;
 - ◆ Tungkol sa pagkamatay na pinaniniwalaan namin na maaaring dulot ng kriminal na gawain;
 - ◆ Tungkol sa kriminal na gawain sa ospital; at

- ◆ Sa pang-emerhensiyang pagkakataon upang i-report ang krimen; ang lokasyon ng krimen o mga biktima; o pagkakakilanlan, deskripsyon o lokasyon ng tao na nakagawa ng krimen.
- Mga Mediko-legal at Medikong Tagapagsuri. Maaari naming ibigay ang medikal na impormasyon sa mediko-legal at medikong tagapagsuri. Maaaring kailanganin ito, halimbawa, upang kilalanin ang namatay na tao o tukuyin ang dahilan ng pagkamatay.
- Pambansang Seguridad at Mga Gawaing Pangkabatiran. Maaari naming ibigay ang medikal na impormasyon tungkol saiyo upang pahintulutan ang pederal na mga opisyal para sa kabatiran, kontra-kabatiran, at iba pang pambansang mga aktibidad na awtorisado ng batas.
- Pamprotektang mga Serbisyo para sa Presidente at Iba pa. Maaari naming isiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyo sa awtorisadong pederal na opisyal upang makapagbigay sila ng proteksyon sa Presidente, iba pang awtorisadong tao o banyagang namumuno ng estado o magsagawa ng espesyal na imbestigasyon.
- Mga Preso. Kung ikaw ay preso sa piitang institusyon o sa ilalim ng kustodiya ng ospiyal na nagpapatupad ng batas, maaari naming ibigay ang iyong medikal na impormasyon sa piitang institusyon o ospiyal na nagpapatupad ng batas. Ang pagbibigay na ito ay maaaring kailanganin (1) para sa institusyon upang magbigay saiyo ng pangangalagang pangkalusugan; (2) upang protektahan ang iyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng iba; o (3) para sa kaligtasan at seguridad ng piitang institusyon.

ANG IYONG KARAPATAN TUNGKOL SA IYONG MEDIKAL NA IMPORMASYON

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan tungkol sa medikal na impormasyon na inaalagaan namin tungkol saiyo.

- Karapatan na Tingnan at Kopyahin. Ikaw ay may karapatan na tingnan at kopyahin (kabilang ang elektronikong pag-kopya) ng iyong medikal na impormasyon na maaaring gamitin upang gumawa ng desisyon sa iyong pangangalaga. Karaniwan, kabilang dito ang rekord ng medikal at babayaran, ngunit hindi kabilang ang ilang mga impormasyon sa kalusugan ng pag-iisip.

Upang tingnan at kopyahin ang medikal na impormasyon na maaaring gamitin upang gumawa ng desisyon tungkol saiyo, dapat kang magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng sulat. Makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Impormasyon sa Kalusugan/ Tanggapan ng Medikal Rekord para sa higit pang impormasyon o humiling ng form. Kung hihiling ka ng kopya ng impormasyon, sisingil kami ng bayad para sa gastos ng pagkopya, pagpapadala ng sulat o ibang mga panustos kaugnay sa iyong kahilingan.

Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan na tingnan o kopyahin sa tiyak na napaka-limitadong pagkakataon. Kung tinanggihan ang iyong pagkuha ng medikal na impormasyon, maaari mong hilingin na suriin ang pagtangga. Ang isa pang lisensyadong propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan na pinili ng Ospital ay susuriin ang iyong kahilingan at ang pagtangga. Ang tao na magsasagawa ng pagsusuri ay hindi ang taong tumangga sa iyong kahilingan. Susunod kami sa kinalabasan ng pagsusuri.

- Karapatan na Humiling ng Pagbabawal sa Tiyak na Paggamit at Pagsisiwalat. Ikaw ay may karapatan na humiling na higit ang aming paggamit at pagsisiwalat ng iyong medikal na impormasyon sa mga tiyak na pamamaraan. Halimbawa, maaari mong hilingin na hindi namin gamitin o isiwalat ang nasabing impormasyon upang tumulong sa aming sariling panggagamot, pagbabayad, gawain sa pangangalaga sa kalusugan. Hindi namin kinakailangan na sumangayon sa iyong kahilingan, maliban kung ang pagsisiwalat ay sa iyong health plan (kabilang ang Medicare at iba pang nagbabayad sa gobyerno) tungkol sa pangangalaga na nagbabayad ng buo; "mula sa bulsa", sa pasyente o ibang indibidwal na gumaganap para saiyong. Aabisuhan ka namin sa aming desisyon sa pamamagitan ng sulat.
- Karapatan na Baguhin. Kung sa palagay mo na ang medikal na impormasyon tungkol saiyong na mayroon kami ay mali o hindi kumpleto, maaari kang humiling saamin na baguhin ang impormasyon. Makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Impormasyon sa Kalusugan/ Tanggapan ng Medikal Rekord para sa higit pang impormasyon o humiling ng form. Ikaw ay may karapatan na humiling na baguhin hangga't ang impormasyon ay pinananatili ng o nasa Ospital.

Upang humiling ng pagbabago, ang iyong kahilingan ay dapat nakasulat at isinumite sa Tagapangasiwa ng Impormasyon sa Kalusugan/ Tanggapan ng Medikal Rekord. Dagdag dito, dapag kang magbigay ng dahilan na sumusuporta sa iyong kahilingan.

Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan para sa pagbabago kung hindi ito nakasulat o walang kasamang dahilan na sumusuporta sa iyong kahilingan. Dagdag dito, maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan kung hihilingin mo saamin na baguhin ang impormasyon na

- ◆ Hindi bahagi ng medikal na impormasyon na pinananatili o nasa Ospital; o
- ◆ Hindi bahagi ng impormasyon na ikaw ay pinahihintulutan na tingnan at kopyahin.

- Karapatan sa Accounting ng Pagsisiwalat. Ikaw ay may karapatan na humiling ng "accounting sa pagsisiwalat" na naaangkop sa pagsisiwalat ng iyong medikal na impormasyon na ginawa namin sa lbas ng Ospital, na may tiyak na eksepsyon.

Upang makakuha ng accounting sa pagsisiwalat, dapat kang magsumite ng iyong kahilingan na nakasulat. Dapat mong banggitin sa iyong kahilingan ang haba ng panahon, na hindi hahaba sa anim na taon. Dapat mong ipahiwatig sa iyong kahilingan kung anong anyo nais mo ang listahan (halimbawa, sa papel o elektroniko). Makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Impormasyon sa Kalusugan/

Tanggapan ng Medikal Rekord para sa higit pang impormasyon o humiling ng form. Ang inang listahan na iyong hihilingin sa 12 buwang tagal ay libre. Para sa karagdagang mga listhan, maaari ka naming singilin para sa gastos ng pagbibigay ng listahan. Aabisuhan ka namin sa gastos na sangkot at maaari kang pumili na iatras o baguhin ang iyong kahilingan sa oras bago ang anumang halaga ay maipasok.

- Karapatan na Humingi ng Espesyal na Kahilingan sa Pagtanggap ng Kumpidensiyal na Komunikasyon. Ikaw ay may karapatan na humiling na makipag-usap saamin tungkol sa iyong medikal na suliranin sa tiyak na paraan o sa tiyak na lokasyon. Halimbawa, maaari mong hilingin na maaari lamang kaming makipag-ugnayan sa inyo sa pamamagitan ng liham sa iyong trabaho.

Upang humiling ng espesyal na kahilingan tungkol sa kumpidensiyal na komunikasyon pagkatapos ng iyong pangangalaga, ang iyong kahilingan ay dapat nakasulat at nakalagay kung paano at saan mo nais na makipag-ugnayan saiyong. Makipag-ugnayan sa Tagapangasiwa ng Impormasyon sa Kalusugan/ Tanggapan ng Medikal Rekord para sa higit pang impormasyon o humiling ng form. Hindi ka namin tatanungin sa dahilan para sa iyong kahilingan. Tutugunan namin ang lahat ng katanggap-tanggap na kahilingan.

- Karapatan sa Papel na Kopya ng Abisong ito. Ikaw ay may karapatan sa papel na kopya ng abisong ito. Maaari kang humiling saamin na bigyan ka ng kopya ng abisong ito sa anumang oras. Kahit na sumangayon ka na tumanggap elektronikong abiso na ito, maaari ka pari na magkaroon ng papel na kopya ng abisong ito. Maaari kang kumuha ng kopya ng abisong ito sa aming website.

Upang makakuha ng papel na kopya ng abisong ito, maaari kang humiling ng kopya sa tauhan sa alinmang mga lugar sa Pagtanggap o Pagrehistro, sa Tagapangasiwa ng Impormasyon sa Kalusugan/ Tanggapan ng Medikal Rekord, o sa Pribadong Opisyal sa karaniwang oras ng trabaho.

- Karapatan na Aabisuhan sa Mga Sumusunod na Paglabag sa Hindi Sakop ng Seguro na Protektadong Impormasyon sa Kalusugan. Kung ikaw ay apektado ng paglabag sa iyong hindi sakop ng seguro na protektadong impormasyon sa kalusugan, ikaw ay may karapatan na, at makatanggap ng abiso sa nasabing paglabag. Ang hindi naka-segurong protektadong impormasyon sa kalusugan ay impormasyon sa kalusugan na hindi ligtas nsa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya, tulad ng enkripsyon, upang ibigay ang iyong protektadong impormasyon sa kalusugan na hindi nagagamit, hindi nababasa o hindi mauunawaan sa hindi awtorisadong mga indibidwal.

MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO

Mayroon kaming karapatan na baguhin ang abisong ito. May karapatan kami na baguhin o palitan ang abiso na epektibo sa medikal na impormasyon na mayroon na kami tungkol saiyong gayundin sa anumang impormasyon na matatanggap namin sa hinaharap. Ipapaskil

namin ang kopya ng kasalukuyang abiso sa Ospital. Ang abiso ay maglalaman ng petsa ng pagkakaroon ng bisa. Karagdagan pa, bawat oras na magrehistro ka o tanggapin sa Ospital para sa bagong paggamot o paraan ng terapewtika bilang inpatient o outpatient, mag-aalok kami saiyo ng kopya para sa kasalukuyang abiso na umiiral.

MGA REKLAMO

Kung sa palagay mo na ang iyong pribadong karapatan ay nilabag, maaari kang magsampa ng reklamo sa Ospital o sa Kalihim ng Tanggapan ng Kalusugan at Pantaong Serbisyo. Upang magsampa ng reklamo para sa pagiging pribado ng pasyente, makipag-ugnayan sa Pam-pribadong *Opisyal ng Ospital*. Maaari kang kumuha ng pangalan ng Pribadong Opisyal at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pagtawag sa pangunahing numero ng lokasyon kung saan natanggap ang serbisyo. Ang lahat ng mga reklamo ay dapat isumite sa pamamagitan ng sulat. Maaari mo rin na isumite ang iyong reklamo sa *1500 Southgate Ave, Ste 102, Daly City, CA 94015*.

Kung sa palagay mo na ang iyong doktor o ibang manggagamot na nag-iisang kontraktor ay nilabag ang iyong pagiging pribado, paki-tawagan nang direktaang doktor upang magsampa ng reklamo. Ang Ospital ay hindi awtorisado upang imbestigahan ang pribadong paglabag ng mga doktor na ito.

Hindi ka mumultahan sa pagsasampa ng reklamo.

PAHINTULOT PARA SA IBANG PAGGAMIT NG MEDIKAL NA IMPORMASYON

Ang iba pang paggamit at pagsisiwalat ng medikal na impormasyon na hindi sakop ng abisong ito o ng batas na angkop sa amin ay isasagawa lamang sa iyong nakasulat na pahintulot. Ang awtorisasyon ay karaniwang kailangan para sa mga sumusunod na paggamit o pagsisiwalat, maliban sa napaka-limitadong pagkakataon: (1) paggamit o pagsisiwalat ng sikoterapewtikang tala; (2) paggamit o pagsisiwalat ng PHI para sa layuning pagbebenta; at (3) pagsisiwalat ng PHI na nagtatatag sa pagbebenta nito.

Bibigyan ka namin ng form sa awtorisasyon upang gamitin sa pagbibigay ng awtorisasyon sa amin na gamitin o isiwalat ang iyong PHI para sa layunin na binanggit sa form. Hindi mo kinakailangan na lumagda sa form bilang kondisyon upang kumuha ng paggamot o magkaroon ng may bayad na pangangalaga. Kapag lumagda ka

Bibigyan ka namin ng form sa awtorisasyon upang gamitin sa pagbibigay ng awtorisasyon sa amin na gamitin o isiwalat ang iyong PHI para sa layunin na binanggit sa form. Hindi mo kinakailangan na lumagda sa form bilang kondisyon upang kumuha ng paggamot o magkaroon ng may bayad na pangangalaga. Kapag lumagda ka

sa awtorisasyon, maaari mo itong bawiin sa pamamagitan ng sulat sa anumang oras. Kapag binawi mo ang pahintulot, hindi na namin kailanman gagamitin o isisiwalat ang medikal na impormasyon tungkol saiyo para sa mga dahilan na sakop ng iyong nakasulat na awtorisasyon. Dapat mong maunawaan na hindi namin maaaring bawiin ang anumang

pagsisiwalat na aming naisagawa ayon sa iyong pahintulot, at kailangan namin na panatilihin ang mga rekord sa aming pangangalaga na ibinigay saiyo.

PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA NG ABISONG ITO

Epektibo sa Abril, 2003
Binago Agosto, 2012
Binago Agosto, 2013

Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-ulat ng mga alalahanin, mangyaring makipag-ugnay sa Compliance, Privacy, Opisyal ng Seguridad sa (408) 947-2883.